

HAYAANG MARINIG ANG IYONG BOSES

OKTUBRE 2023 – HUNYO 2024

MGA SURVEY SA PAMILYA NG NATIONAL CORE INDICATORS (NCI)

Huwag kalimutang makilahok!

Tinatasa ng mga survey ang mga serbisyo at suporta na natatanggap mo at ng iyong kapamilya sa pamamagitan ng iyong regional center at mga tagapagkaloob ng serbisyo.

Tinatalakay sa mga survey ang mga paksang tulad ng:

- Mga Karapatan
- Mga Pagpipilian
- Pagpapalano ng Serbisyo
- Pagiging Kabilang sa Komunidad
- Kalusugan at Kaligtasan
- Iba Pang Mahahalagang Paksa



ANO?

Makakatanggap ka ng isa sa tatlong survey ng NCI batay sa kung ang iyong kapamilya na may I/DD ay:

- isang batang naninirahan sa tahanan ng pamilya
- isang nasa hustong gulang na naninirahan sa tahanan ng pamilya
- isang nasa hustong gulang na hindi naninirahan sa tahanan ng pamilya

BAKIT?

Ipaalam sa iyong regional center at sa Department of Developmental Services (DDS) kung ano ang palagay mo sa mga serbisyong nakukuha mo. Ang paglahok ay nakakatulong sa iyong regional center at sa DDS na maunawaan kung paano ka, ang iyong pamilya, at mga mahal sa buhay ay naaapektuhan ng mga serbisyo at suporta.

PAANO?

Direktang ipapadala sa iyo sa pamamagitan ng koreo ang mga survey mula sa State Council on Developmental Disabilities (SCDD).

Sagutan ang survey sa papel at ipadala ito sa koreo (bayad na ang selyo)

o

Gamitin ang code sa sulat sa iyo upang sagutan ang survey online.

